# 多國語言電子書宣導參考內容－菲律賓語

※可依需要選取相關字句組合進行宣導

※ 建議用「靠左對齊」，避免斷句錯誤

## 菲律賓語第 1 版

性別暴力零容忍
Zero Tolerance sa Karahasang Batay sa Kasarian

桃園市政府推出全國首創的第 1 本性別暴力防治多國語言電子書囉！
Inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Taoyuan ang kauna-unahang Multilingual na E-Book para sa Pag-iwas sa Karahasang Batay sa Kasarian!

我國近 3 年來已增修「性別暴力防治」相關法律高達 9 部
Sa nakaraang tatlong taon, sa Taiwan ay naamyendahan ang 9 na batas kaugnay sa "Pagpigil sa Karahasang Batay sa Kasarian."

為了讓廣大移工、新住民朋友及市民們都能快速理解「性別暴力」各項防治措施與權益保障，桃園市政府特地規劃製作多國語言電子書
Upang mas mabilis na maunawaan ng mga migranteng manggagawa, bagong residente, at mga mamamayan ang iba't ibang hakbang sa pagpigil sa karahasang batay sa kasarian at ang mga karapatan at proteksyong kanilang natatamasa, espesyal na inihanda ng Pamahalaang Lungsod ng Taoyuan ang multilinggwal na e-book.

本電子書提供中、英、泰、越、印尼、菲等版本，跨語言版面一致、可互相對照；不限國籍與語言背景，在臺所有讀者皆可參閱使用。
May mga bersyon ang e-book na ito sa Mandarin, Ingles, Thai, Vietnamese, Indonesian, at Filipino. Magkakatulad ang ayos ng pahina sa lahat ng wika upang madaling maikumpara; hindi alintana ang nasyonalidad o wikang gamit, lahat ng mambabasa sa Taiwan ay maaaring gumamit nito.

電子書區分為性別暴力案件之防治與處理以及求助資訊兩大區塊
Ang e-book ay nahahati sa dalawang pangunahing bahagi: Pagpigil at Pagproseso ng mga Kaso ng Karahasang Batay sa Kasarian at Impormasyon Tungkol sa Paghingi ng Tulong.

性別暴力有 7 類主題，分別為性騷擾、跟蹤騷擾、未經同意拍攝、散布性影像、兒童及少年性剝削、性侵害、親密關係暴力及人口販運
Mayroong pitong (7) pangunahing tema ng karahasang batay sa kasarian:

1. Sexual Harassment (Panliligalig sekswal)
2. Stalking at Panggugulo (Stalking and Harassment)
3. Pagkuha o pag-record nang walang pahintulot at pagpapakalat ng larawang

sekswal

4. Seksuwal na pagsasamantala sa mga bata at kabataan
5. Panghahalay (Rape / Sexual Assault)
6. Karahasan sa Relasyon o Intimate Partner Violence
7. Human Trafficking (Pagbebenta ng Tao)

求助資訊則包括政府機關及醫療院所可以提供給您的協助措施、工作權的保障以及經濟就業與補助等資訊，誠摯邀請您下載使用
Kasama sa impormasyon ukol sa paghingi ng tulong ang mga serbisyong maibibigay ng mga ahensiyang pampamahalaan at institusyong pangkalusugan, proteksyon sa karapatan sa trabaho, at impormasyon tungkol sa tulong pinansyal, trabaho, at mga subsidiya. Inaanyayahan namin kayong i-download at gamitin ito.

掃描以下 QR Code 進入電子書
I-scan ang QR Code sa ibaba upang mabasa ang e-book.

別忘了給我們回饋建議
Huwag kalimutang magbigay ng inyong feedback at mungkahi.

感謝您與臺灣一起打拼
有您真好
Maraming salamat sa inyong pakikiisa sa pag-unlad ng Taiwan.
Lubos naming pinahahalagahan ang inyong presensya sa Taiwan.

**菲律賓語第 2 版**

「跨語連線　防暴共行」─性別暴力防治多國語言電子書

“Magkaibang Wika, Iisang Laban!" – Multilingual na E-Book para sa Pag-iwas sa Karahasang Batay sa Kasarian

桃園是多元族群共融的城市，移工與新住民朋友在這裡工作、生活、成家，是我們重要的夥伴。市府團隊一直努力打造一個性別友善、文化共融、安全無虞的生活環境，讓每一位市民，不論來自哪裡，都能在這座城市中安心、有尊嚴地生活。

Ang Taoyuan ay isang lungsod ng pagkakaiba-iba at pagkakaisa. Dito, ang mga migranteng manggagawa at bagong residente ay hindi lamang nagtatrabaho at naninirahan, kundi bumubuo rin ng kanilang mga pamilya. Kayo po ay mahahalagang katuwang ng aming lungsod. Patuloy na nagsusumikap ang aming pamahalaang lungsod na lumikha ng isang gender-friendly, culturally inclusive, at ligtas na kapaligiran, upang ang bawat isa — saan man siya nagmula — ay makapamuhay nang may dignidad at kapanatagan dito sa Taoyuan.

近年中央針對「性別暴力防治」進行多項法令修正與強化，從《跟蹤騷擾防制法》到《性騷擾防治法》、《性別平等教育法》等，顯示我們對性別正義與被害人保護的高度重視。然而，面對如此繁複且快速變動的法規資訊，即使是專業人員也需要持續學習，更何況是語言文化不同的移工與新住民朋友。

Sa mga nakaraang taon, pinaigting ng pambansang pamahalaan ang mga batas para sa pagsugpo ng karahasang batay sa kasarian, kabilang na ang Batas Kontra-Stalking, Batas Kontra-Sexual Harassment, at Batas sa Gender Equality sa Edukasyon. Ipinapakita nito ang mataas na pagpapahalaga natin sa katarungang pangkasarian at sa proteksyon ng mga biktima. Gayunpaman, sa harap ng mabilis at komplikadong pagbabago sa mga batas na ito, maging ang mga propesyonal ay kailangang patuloy na matuto — lalo na ang ating mga migrante at bagong residente na may iba’t ibang wika at kultura.

因此，市府特別整合各局處資源，推出這本「性別暴力防治多國語言電子書」，以母語傳遞資訊，用文化拉近距離。讓每一位在桃園生活的移工與新住民，能夠快速理解相關法律權益，感受到我們的尊重與同理。這不僅是一份工具，更是一份誠意與承諾。

Dahil dito, pinagsama-sama ng pamahalaang lungsod ang mga mapagkukunan mula sa iba’t ibang ahensya upang makabuo ng Multilingual na E-Book para sa Pag-iwas sa Karahasang Batay sa Kasarian, naghahatid ng impormasyon gamit ang sariling wika ng mambabasa, upang mapalapit ang kaalaman sa bawat isa. Layunin ng e-book na ito na ipabatid ang mga karapatan at batas sa simple at malinaw na paraan, upang ang ating mga kaibigang migrante at bagong residente ay makaramdam ng respeto, pagkalinga, at pag-unawa. Hindi lang ito isang kasangkapan — isa rin itong patunay ng aming taos-pusong hangarin at pangakong makiisa.

這本電子書的對象不限於移工與新住民，也歡迎本國的家屬 、雇主、職場夥伴、通譯與仲介朋友一同閱讀，建立共同的知識基礎，齊心守護我們的工作場域與生活環境。
Ang e-book na ito ay hindi lamang para sa mga migrante at bagong residente. Inaanyayahan din ang mga lokal na pamilya, employer, katrabaho, tagapagsalin at mga ahente na ito’y basahin at pag-aralan, upang sabay-sabay tayong makabuo ng iisang kaalaman at pagkilos tungo sa ligtas at maayos na komunidad.

也期許這本電子書成為橋樑，讓資訊不再有距離，讓每一位朋友都能在桃園找到被傾聽與被支持的力量。
Nawa'y magsilbing tulay ang e-book na ito upang mawala ang hadlang sa impormasyon at mapalakas ang boses ng bawat isa sa Taoyuan — isang boses na naririnig, tinatanggap, at pinapakinggan.

讓我們攜手前行，打造一座真正性別暴力零容忍的社會。
Sama-sama nating itaguyod ang isang lipunang zero tolerance sa gender-based violence.

**菲律賓語第 3 版**

桃園是全臺外籍人口最多的城市，來自泰國、越南、印尼及菲律賓的移工與新住民朋友，在桃園辛勤工作，是城市發展的重要力量。面對中央自 111 年 6 月起密集修訂包括《跟蹤騷擾防制法》、《性騷擾防治法》、《性別平等教育法》等多項性別暴力防治相關法規，市府深知語言是保障權益的第一道門檻，唯有讓每一位市民都「看得懂」、「用得上」，法令才真正落地。
Taoyuan ang may pinakamalaking populasyon ng mga dayuhan sa buong Taiwan. Ang mga migranteng manggagawa at bagong residente mula sa Thailand, Vietnam, Indonesia, at Pilipinas ay nagsisilbing haligi ng pag-unlad ng lungsod. Mula pa noong Hunyo 2022, sunod-sunod na ni-reporma ng pambansang pamahalaan ang mga batas tulad ng Anti-Stalking Law, Sexual Harassment Prevention Act, at Gender Equity Education Act. Alam ng city government na ang wika ang unang hadlang sa pag-access ng karapatan, kaya kailangang maipaliwanag ito sa paraang nauunawaan at kapaki-pakinabang para sa lahat ng mamamayan.

為此，桃園市政府整合各局處資源，共同推出「性別暴力防治多國語言電子書」，以各族群的母語說明性別暴力類型、相關法規與可求助資源，協助移工與新住民快速理解自身權益並勇於求助。此電子書亦供在臺讀者廣泛使用，包括家屬、雇主、就業服務機構（仲介）與通譯人員等，期使所有市民，尤其是非華語背景的朋友，能清楚理解自己的權益與可運用資源。
Dahil dito, pinagsama ng Pamahalaang Lungsod ng Taoyuan ang mga yaman mula sa iba't ibang kagawaran upang ilunsad ang "Multilingual na E-Book para sa Pag-iwas sa Karahasang Batay sa Kasarian." Sa mga katutubong wika ng mga komunidad, ipinaliliwanag nito ang mga uri ng karahasang batay sa kasarian, kaugnay na batas, at mga serbisyong suportang magagamit—upang matulungan ang mga migranteng manggagawa at bagong residente na mabilis na maunawaan ang kanilang mga karapatan at makahingi ng tulong. Layunin ding magamit ito ng mga mambabasa sa Taiwan—kabilang ang mga kapamilya, employer, mga ahensiya sa pag-eempleyo (mga labor broker), at mga tagapagsalin—upang malinaw na maunawaan ng lahat, lalo na ng walang background sa Mandarin, ang kanilang mga karapatan at mga mapagkukunan ng tulong.

此次發表的電子書除中文外，特別翻譯為英文、泰語、越南語、印尼語及菲律賓語六種語言，成為桃園市推動性別平權的重要里程碑，象徵桃園對於多元文化及人權保障的重視。
Bukod sa Chinese, ang e-book ay isinalin din sa Ingles, Thai, Vietnamese, Bahasa Indonesia, at Filipino — isang mahalagang hakbang tungo sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at isang patunay sa pagpapahalaga ng Taoyuan sa multikulturalismo at karapatang pantao.

桃園市政府未來將持續與中央機關、民間團體及在地社群攜手合作，深化多語資源布建，讓每位生活在桃園的朋友都能感受到被支持、被尊重，讓桃園真正成為多語共融、零暴力的幸福城市，讓每一位在桃園生活的市民，不論國籍、語言或身分背景，都能在友善與平等中找到安全感。
Sa hinaharap, patuloy na makikipagtulungan ang Pamahalaang Lungsod ng Taoyuan

sa mga ahensya ng pamahalaang sentral, mga organisasyong sibiko (NGO), at lokal na komunidad, upang higit pang palalimin at palawakin ang pagbuo at paglalatag ng mga mapagkukunang multilingguwal; upang madama ng bawat taong naninirahan sa Taoyuan ang suporta at paggalang; upang tunay na maging isang lungsod na inklusibo sa maraming wika at walang karahasan; at upang matiyak na ang bawat mamamayang naninirahan sa Taoyuan—anumang nasyonalidad, wika, o pinagmulan—ay makatagpo ng pakiramdam ng seguridad sa isang magiliw at pantay na kapaligiran.